

Teknolohiya, serbisyo ng DOST tampok sa Expo Science 2011

Ni Aristotle P. Carandang
S&T Media Service, STII



“Nasa Siyensya ang Pag-asa” ang tema ng taunang National Science and Technology Week o NSTW na pinamagatang ‘Expo Science 2011’ ngayong Hulyo 27-30, 2011 sa SMX Convention Center, Mall Of Asia, Lungsod ng Pasay.

Ang Expo Science ay kumakatawan sa mga pinakabagong teknolohiya at serbisyo mula sa Department of Science and Technology (DOST). Layunin nito na mapalago ang pagkilala at kamalayan ng mga Filipino sa larangan ng agham at teknolohiya. Tampok din ang mga pagpupulong tungkol sa mga kasalukuyang usapin upang matugunan sa tamang paraan gamit ang agham at teknolohiya. Dito rin matatalakay ang mga usaping may kinalaman sa ating kapaligiran, pambansang ekonomiya, edukasyon, pangkalakalan, at maging ang kalagayan ng agham at teknolohiya sa bansa.

Inaasahang pasisinayaan ni Pangulong

Benigno S. Aquino III ang pagbubukas ng pagdiriwang sa umaga ng ika-27 mg Hulyo. Kamakailan lamang, binaggit ni Pangulong Aquino na ang DOST sa pamumuno ni Sec. Mario G. Montejo ay isa sa tatlong kagawaran ng nakapagbibigay ng solusyon sa mga suliranin ng bansa.

Maraming nakahanay na programa ang DOST para sa taong ito. Kabilang dito ay ang S&T Fair and Exhibits na nagpapamalas ng mga makabagong teknolohiya at mga solusyon na makatutugon sa mga suliranin hindi lamang ng bansa kundi ng mga indibidwal na mamamayan.

Binibigyang pokus ng DOST ang tinaguriang High Impact Technology Solutions (HITS) na mismong centerpiece exhibit. Kabilang dito ay ang Mosquito Ovicidal-Larvicidal Trap o OL Trap, makabagong brown rice, masustansyang baby food, abot-

sundan sa pahina 2

Ika-33 Annual Scientific Meeting, idinaos ng DOST-NAST

Ni Arjay Escondo
S&T Media Service, STII

Matagumpay na idinaos ng National Academy of Science and Technology (NAST), advisory body ng Department of Science and Technology (DOST), ang ika-33 Annual Scientific Meeting sa Manila Hotel ngayong Hulyo 13-14, 2011.

Sa pangunguna ni NAST president at Academician Emil Q. Javier, ang tema ng ASM ngayong taon na “*Meeting the Challenges of Agricultural Productivity, Competitiveness, and Sustainability*”, ay tinampukan ng pitong plenaryo at ang paghirang sa mga bagong Academician.

Maliban sa plenary sessions, nagkaroon din ang NAST ng scientific poster sessions at exhibits, at pagbibigay parangal sa mga taong may natatanging kontribusyon sa larangan ng S&T.

Outstanding Young Scientist, Hugh Greenwood Environmental Science Award, Lino Ed. Lim Educational Development Foundation,

sundan sa pahina 3

Nilalaman

Proyektong pangkabataan handog ng DOST	p. 2
Tagisang Robotics, mula sa DOST	p. 2
Mga kapana-panabik na teknolohiya, handog para sa mga Pinoy	p. 3
Expo Science 2011 Opening Ceremonies Programme	p. 4

kayang water filter, bagong automatic weather station, mass transit system, PC tablet, RxBox, gantry crane, windmill, at iba pa. Kasama rin dito ang mga inisyatiba sa larangan ng genomics, biotechnology, nanotechnology, nuclear energy, at iba pa.

Inaasahang kapakipakinabang na solusyon ang dulot ng mga teknolohiyang nabanggit na makapag-aambag sa matuwid na pagsulong ng pambansang ekonomiya.

Iba't ibang programa naman ang ipinamalas ng DOST bago ang pagdiriwang ng NSTW. Ang mga ito ay bahagi ng kabuuan ng NSTW na tinawag na pre-event na ginanap sa iba't ibang lugar. Kabilang dito ay ang Outstanding Young Scientists Summit, Hulyo 12 at ang Annual

Scientific Meeting ng National Academy of Science and Technology, Hulyo 13-14 sa Manila Hotel; Science for Kids ng National Research Council of the Philippines, Hulyo 19 at ang Fun Run ng Food and Nutrition Research Institute, Hulyo 25 na parehong ginanap sa Bicutan, Taguig City. Ang isa namang post-NSTW event ay gaganapin sa August 1, na kung saan ang S&T Academic and Research-Based Openly-Operated Kiosk Station o STARBOOKS ng Science and Technology Information Institute ay gaganapin sa Nido Fortified Science Discovery Center, Mall of Asia.

Ang NSTW ay taunang pagdiriwang na pinangungunahan ng DOST sa pakikipagtulungan ng iba't ibang tanggapan mula sa pribado at

Proyektong pangkabataan handog ng DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII

Inilunsad ng National Research Council of the Philippines ng Department of Science and Technology (DOST-NRCP) ang proyektong 2011 NRCP for KIDS na mayroong temang "Teaching and Learning through Digital Media" noong ika-18 hanggang ika-25 ng Hulyo 2011, na ginaganap sa NRCP Auditorium, DOST Compound, Bicutan, Lungsod ng Taguig.

Ang mga mag-aaral mula sa pitong paaralang elementaryang malapit sa DOST gaya ng Upper Bicutan, Daang Hari, Bagong Tanyag, R.P. Cruz, Sr., C.P. Sta. Teresa, C.P. Tinga, at ang Eusebio C. Santos Elementary School ang mga lalahok sa proyekto.

Bahagi rin ng proyekto ang isang in-house exhibit ng mga S&T Career upang mabuksan ang isipan ng mga kabataan sa iba't ibang larangan ng agham at teknolohiya.

Pinangunahan ni DOST Secretary Mario G. Montejo at AGHAM Partylist Representative Angelo B. Palmones ang paglulunsad. Panauhin rin sa nasabing okasyon si Taguig Mayor Laarni

L. Cayetano, mga opisyal at miyembro ng Governing Board ng NRCP, mga kinatawan ng Philippine Science High School (DOST-PSHS) Quezon City Campus, Department of Education (DepEd), at mga guro at punong-guro ng mga paaralang nabanggit.

Ika-limang taon nang tinutukan ng DOST-NRCP ang mga proyektong pangkabataan na bahagi ng National Science and Technology Week (NSTW). Noong 2010 isinagawa ng NRCP ang isang storytelling para sa mga bata upang mabigyang kahalagahan ang pag-aalaga sa kalikasan at maunawaan ang epekto ng climate change.

"Sa taong ito, ang proyekto ay itutuon sa paglilipat ng mga makabagong technique at kaalaman sa pagtuturo ng mga guro mula sa DOST-PSHS para sa mga guro at mag-aaral ng mga paaralang kasali," ayon kay NRCP-Research and Information Dissemination Division Chief Alicia Mercado.

Sa makabagong pagtuturo, na kung saan



ay ginagamitan ng digital media, ibabahagi ng mga volunteer teacher mula sa DOST-PSHS Quezon City Campus sa 40 guro ng elementarya at 540 mag-aaral sa lahat ng antas.

Positibo ang pagtanggap ni Secretary Montejo sa proyekto sapagkat ito ay alinsunod sa programa ng kasalukuyang administrasyon na nagsisikap mabawasan ang kahirapan sa bansa at bigyang daan ang empowerment.

Impormasyon mula kay Jona M. Bernal, S&T Media Service, STII.

Tagisang Robotics, mula sa DOST

Ni Arjay Escondo
S&T Media Service, STII

Tagisang Robotics: Design, Build and Play Competition, ang pinakabagong kumpetisyon mula sa Department of Science and Technology – Science Education Institute (DOST-SEI) na naglalayong mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa agham, teknolohiya, matematika, engineering, at information and communication technology o ICT sa pamamagitan ng pagdidisenyo at pagbuo ng kanilang robot para sa isang labanan.

Ayon kay DOST-SEI Deputy Director Dr. Leticia V. Catris, matutunan rin ng mga mag-aaral ang halaga ng teamwork at kooperasyon sa pamamagitan ng "Tagisang Robotics."

Nabuo ang konsepto ng Tagisang Robotics mula sa pagkakapanalo ng Philippine Team sa FIRST Robotics Competition (FRC) noong 2009 sa Hawaii. Nakamit nila ang Rookie All Star Award at Rookie Highest Seeded Award sa Hawaii FRC Regional Competition.

Dalawampu't apat na koponan mula sa Philippine Science High School, public at private science high schools, at ilang science and

technology oriented schools ang kalahok sa kauna-unahang Robotics Competition sa bansa. Ang bawat school ay may 10 mag-aaral at isang coach at na sumailalim sa robotics training bago pa ang nasabing kumpetisyon.

Bawat koponan ay may isang standard set ng Kit of Parts na ipapamahagi sa Game Kick Off sa Music Hall, SM Mall of Asia sa darating na ika-28 ng Hulyo. Mayroong 57 araw ang bawat koponan upang makapagdisenyo at makapagbuo ng robot bago ang kumpetisyon sa ika-23 hanggang ika-24 ng Setyembre 2011. Ito ay bahagi ng pagdiriwang ng National Science and Technology Week Expo Science 2011 na may temang "Nasa Siyensya ang Pag-asa."

Sa mismong araw ng kumpetisyon, ang mga koponan ay bubuo ng "alliances" mula sa ibang koponan at makikipagtagisan para Best Team at Best Alliance sa nasabing kumpetisyon.

sundan sa pahina 3

Mga kapana-panabik na teknolohiya, handog para sa mga Pinoy

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII

“**M**as kapana-panabik na mga teknolohiya ang nakalaan para sa mga Filipino,” ang paglalarawan ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo sa mga teknolohiyang ipakikilala sa 2011 National Science and Technology Week sa ika-27 hanggang 30 ng Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Lungsod Pasay.

Ang okasyon na pinamagatang Expo Science 2011, ay taunang pagdiriwang na nagpapakita ng pinakabagong mga teknolohiyang mula sa DOST at sa mga ahensiya sa ilalim nito, ay may temang “Nasa Syensiya ang Pag-asa.”

Ang pagdiriwang ay maglulunsad rin sa DOST High Impact Technology Solutions o HITS, mga teknolohiya at serbisyong inaasahang makatutulong sa pagsusulong ng kaunlaran ng bansa.

Kabilang sa mga teknolohiyang kasali sa eksibit ay ang mga sumusunod: Ang *Underwater Inspection Robot* (UIR), isang mura at gawang Pinoy na robot para sa mga underwater research. Maaari ring gamitin ang UIR upang maobserbahan ang mga nangyayari sa karagatan. Ang *Stabilized Brown Rice* ay teknolohiya upang mapahaba ang shelf-life ng brown rice at mapanatili ang sustansya nito. Naroon din ang *Complementary Food Blend*, isang mura, masustansya at madaling ihanda na mga cereal at legume-based na pagkain para sa mga batang may edad na anim na buwan hanggang tatlong taong gulang.



Dinarayo ng mga estudyante, mangangalakal, guro, o simpleng maybahay ang mga S&T fair at exhibit ng NSTW. (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)

Ang *Energy Calculator Software* naman ay ang interactive software na madaling gamitin upang malaman ang kalagayan ng kalusugan ng isang indibidwal, habang ang *Food Composition Table at Menu Evaluation Software* naman ay ang software na mayroong iba't ibang gamit upang malaman ang komposisyon ng sustansya ng mga hilaw at mga processed food, mapabilis ang pormulasyon at ebalwasyon ng mga putahe, pagbilang ng sustansya at pagtantiya ng halaga ng mga ito. Ang *Ceramic Water Pot Filter* ay isang mura, simple at epektibo sa pagsala ng dumi ng tubig na gumagamit

ng ceramic at nano material. Ang *DOST Mosquito Ovicidal/Larvicidal Trap system* o OL Trap naman ay isang simpleng paraan upang hulihin at mapuksa ang pagdami ng mga itlog ng lamok na *Aedes aegypti* na nagdadala ng dengue virus.

“Akin pong inaanyayahan maging kayo man ay mag-aaral, mangangalakal, nangangasiwa ng ating akademya, at maging mga empleyado ng pamahalaan na lumahok at makisaya sa pagdiriwang ng Expo Science 2011 at alamin kung paano ang agham at teknolohiya ay makatutulong sa pag-unlad ng ating bansa,” paanyaya ni Secretary Montejo.

Aristotle P. Carandang

Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano

Layout/Graphics

Mario B. Buarao

Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Tagisang ...

Mula sa pahina 2

Ang paaralang tatanghalin bilang Best Team ay magkakamit ng P100,000 cash prize, P30,000 para sa coach, trophy at gold medal. Ang The Best Alliance naman ay makakuha ng P150,000 cash prize, P30,000 para sa mga coaches, trofeo at silver medal.

Umaasa si Dr. Catris na bukod sa mga kalahok, mapukaw din ang interes ng masang Pinoy sa larangan ng agham at teknolohiya at makita ang kahalagahan nito sa lipunan.

“We have seen in the FRC experience that our students have the potential to excel in robotics. We hope that through Tagisang Robotics we can entice more students to explore their potentials also and bring about development in the country,” pagpapaliwang niya.

Impormasyon mula kay Ivan Roblas, S&T Media Service, SEI.

Ika-33 ...

Mula sa pahina 1

Inc. (LELEDFI) Award for Outstanding Research in Tropical Medicine, TWAS Prize for Young Scientist in the Philippines, Outstanding Scientific Papers, Books or Monographs, at Best Scientific Posters ay ilan lamang sa mga prestihiyosong parangal na ibibigay ng NAST.

Tinalakay sa pitong plenaryo ang papel ng agrikultura sa pagbabawas ng kahirapan at seguridad sa pagkain ng bansa.

Nabuo sa pamamagitan ng Presidential Decree 1003A sa ilalim ni dating Pres. Ferdinand Marcos nong 1976, ang NAST ay kumikilala ng mga katangi-tanging kontribusyon sa larangan ng agham at teknolohiya at nagsisilbing reservoir ng S&T manpower sa bansa.

Sa bisa ng Executive Order 818 noong 1982, ang NAST ay naging advisory body ng bansa sa mga polisiyang pang-agham at teknolohiya.



*“Nasa **Siyensiya** ang Pag-asa”*

e∞ppo

science 2011

in celebration of the
National Science and Technology Week

27-30 July 2011
SMX Convention Center
Seashell Lane, Mall of Asia Complex
Pasay City



Opening Ceremonies

Doxology
Philippine National Anthem
DOST Hymn

Welcome Remarks

Audio-Video Presentation

Introduction of the Keynote Speaker

Keynote Message

Music Friends (String Quartet)

Prof. Fortunato T. De la Peña
Undersecretary for S&T Services
and DOST Chair, 2011 NSTW Celebration

Nasa Syensiya ang Pag-asa

Mario G. Montejo
Secretary, DOST

President Benigno Simeon C. Aquino III
Republic of the Philippines

Presentation of National Awards

- *Outstanding Research and Development Award (Julian A. Banzon Medal)*
- *Outstanding Science Administrator Award (Dioscoro L. Umali Medal)*

Ceremonial Switching of Digital Exhibit

President Benigno Simeon C. Aquino III
Secretary Mario G. Montejo
To be assisted by
Undersecretary Fortunato T. De la Peña
Undersecretary Graciano P. Yumul, Jr.
Undersecretary Carol M. Yorobe
Director-General Lilia De Lima
Dr. Adolfo Jesus R. Gopez
Engr. Alex S. E. Sy

Launching of Awards

Audio-Video Presentation

- *Media Award*
- *Photo Journalism Contest Awards*
- *Digital Art Contest Awards*

Master of Ceremonies
Dr. Jaime C. Montoya
Executive Director, DOST-PCHRD